
# 4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan– Modyul 5: Wastong Paggamit ng Pasilidad ng Paaralan, Sa Kapuwa'y Aking Paggalang!




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao– Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan –Modyul 5: Wastong Paggamit ng Pasilidad ng Paaralan, Sa Kapuwa'y Aking Paggalang!**
**Unang Edisyon, 2019**

**Isinasaad ng Batas Republika 8293, seksiyon 176** na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names* tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon.Pinagtibay ng isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kakatawan sa paghiling ng kaukulang pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang – aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim:
Pangalawang Kalihim:

**Mga Bumuo ng ADM Modyul**

| | |
|---|---|
| **Mga Manunulat:** | Josephine Bruselas-Mien, Agnes Dejuras-Nocos, Lea B. Perez, Jessica Abanto-Pura |
| **Konsultant:** | Mary Jean B. Brizuela, Sheila C. Bulawan, Dollie G. Franche, Irene F. Yazon |
| **Tagaguhit:** | Jed T. Adra |
| **Naglayout:** | Jeffrey B. Sape, John Claude R. Caunca, Dean Pierre H. Besana |
| **Mga Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao, Grace U. Rabelas, Lailanie R. Lorico, Jily I. Roces, Merlita B. Camu |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Contact: 0917-178-1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 5: Wastong Paggamit ng Pasilidad ng Paaralan, Sa Kapuwa'y Aking Paggalang!

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang paaralan ay mayroong mga pasilidad na makatutulong sa mga mag-aaral upang higit na matuto. Ang mga ito ay nararapat lamang na mapanatiling malinis upang mapakinabangan ng mga batang tulad mo sa mga susunod pang taong panuruan.

Sa modyul na ito, inaasahang:

- nakapagpapakita ng paggalang sa iba sa paggamit ng pasilidad ng paaralan gaya ng palikuran, silid-aklatan at palaruan nang may pag-aalala sa kapakanan ng kapuwa:
- palikuran
- silid-aklatan
- palaruan

## *Subukin*

A. Lagyan ng tsek (√) ang patlang kung wasto ang ipinahahayag ng pangungusap at ekis (X) kung hindi wasto.

_____1. Dapat isabuhay tuwina ang CLAYGO o *Clean as You Go* sa paggamit ng mga pasilidad sa paaralan.

_____2. Ang paglilinis ng silid-aralan ay gawain lamang ng mga dyanitor at guro kaya hindi ako tutulong sa pagsasagawa nito.

_____3. Sa paggamit ng mga pasilidad ng paaralan tulad ng *basketball* at *volleyball court*, kailangang isaalang-alang ko rin ang ibang bata na maglalaro.

_____4. Kasiya-siya ang paggamit ng malinis na palikuran.

_____5. Ang mga pasilidad sa paaralan ay nararapat na gamitin nang maayos upang marami pa ang makinabang nito.

B. Isulat sa patlang ang titik ng wastong sagot.

_____6. Ano ang dapat mong gawin pagkatapos gumamit ng palikuran?

A. Iwanang marumi.
B. Ugaliing iwanang malinis.
C. Ipaubaya na lamang sa tagapaglinis.
D. Sulatan ang pinto't dingding bago umalis

_____7. Sa madalas ninyong paggamit ng palaruan matapos ng klase nasasaksihan mo ang walang habas na pagpitas ng mga bulaklak ng 2 mong kaibigan, ano ang nararapat mong gawin?

A. Gayahin na lamang.
B. Sawayin ng magalang
C. Hayaang ipagpatuloy na lamang
D. Sabihan na lamang magtira ng kaunti

_____8. Nakita mong hindi maayos ang pagkakalagay ng mga aklat sa silid-aklatan. Ano ang dapat mong gawin?

A. Ipagbigay alam sa *librarian*
B. Punahin ng lubos ang *librarian*.
C. Huwag na lamang pansinin.
D. Umalis na lamang sa silid-aklatan.

_____9. Ang sumusunod ay nagpapakita ng pangangalaga sa mga pasilidad ng paaralan para sa kapakanan ng nakararami **MALIBAN** sa isa:

A. TInatangkilik ang programang Gulayan sa Paaralan.
B. Pinipitas ang mga bunga at bulaklak nang walang pahintulot.
C. Masinop na ginagamit ang mga *utilities* tulad ng ilaw at tubig.

D. Isinusulong ang progamang *School-Inside-A-Garden* (SIGA) sa pamamagitan ng pagtatanim

____10. Ang sumusunod na tagpo ay nagpapamalas ng wastong paggamit sa mga pasilidad at kagamitan ng paaralan **MALIBAN** sa:

**A.**





**C.**




**B.**



**D.**



| Aralin 1 | Wastong Paggamit ng Pasilidad ng Paaralan, Sa Kapuwa'y Aking Paggalang! |
|---|---|

Mayroong mga pamantayan sa paggamit ng mga pasilidad ng paaralan. Ang pagsunod sa mga pamantayan ay nakatutulong upang mapanatiling maayos at malinis ang mga ito. Bakit nga ba kailangang ayusin ang paggamit ng mga pasilidad gaya ng silid-aralan, palikuran o banyo at silid-aklatan? Paano mo mapananatiling kaaya-aya ang mga ito araw-araw?

Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahang naipakikita mo ang paggalang sa iyong kapuwa sa pamamagitan ng wastong paggamit ng pasilidad ng paaralan nang may pag-aalala sa kapakanan ng kapuwa.

## *Balikan*

Bilugan ang titik na nagpapakita ng paggalang sa oras ng pamamahinga ng kapuwa. Gawin ito sa iyong kuwaderno. Sa pamamagitan nito ay matataya mo ang mga natutunan sa nakaraang aralin.

A. Taimtim na nakikinig kapag may nagsasalita't nagpapaliwanag.

B. Malakas pa ring pinatututugtog ang *videoke/karaoke* kahit oras na ng pamamahinga.

C. Tumigil sa paglalaro nang makitang nakatulog na ang kapatid sa sala.

D. Patuloy na kinukulit ang kapatid na maysakit.

E. Padabog at pabalang na sinara ang pinto ng silid-tulugan ng nanay.

## *Tuklasin*

Pag-aralan ang *editorial cartoon na ito at sagutin ang mga tanong* sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwaderno.




https://www.google.com/search?q=editorial+cartoon+about+brigada+eskwela&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=2ahUKEwiT_Nz6wqzmAhXLc94KHbDPBRkQ_AUoAXoECAsQAw&biw=1366&bih=657#imgrc=tmM1HfLKu0vL_M:)

1. Ano nakikita mo sa karikatura (*editorial cartoon*)?
   ______________________________________________
2. Ano-ano ang mga simbolismong ginamit?
   ______________________________________________
3. Ano ang mensahe ng *karikatura*?
   ______________________________________________
4. Sang-ayon ka ba sa mensahe ng karikatura? Ipaliwanag.
   ______________________________________________

5. **a**. Nakikilahok ka ba sa taunang Brigada Eskwela?

Opo ☐ Minsan ☐ Hindi po ☐

**b**. Kung ang sagot mo ay hindi po, ano ang gagawin mo sa susunod na Brigada Eskwela?

## *Suriin*

Kung ikaw ay gagamit ng pasilidad sa inyong paaralan, anong itsura ng palikuran, silid-aklatan, o palaruan ang nais mong gamitin?

May mga pasilidad ang paaralan na makatutulong sa mga mag-aaral upang higit na matuto ng mga aralin at maging kasiya-siya ang pag-aaral sa paaralan. Ang mga pasilidad na ito ay ang silid-aralan, silid-aklatan, palikuran o banyo, palaruan, kantina, laboratoryo, *gymnasium* at iba pa. Ang pagpapatayo nito ay pinag-uukulan ng badyet mula sa lokal at pambansang pamahalaan o mula sa tulong ng mga magulang at iba't ibang samahan. Kung gayon, nararapat lamang na ayusin ang paggamit nito.

Ang tamang paggamit mo ng mga pasilidad ay isang paraan ng pagpapakita ng paggalang sa kapuwa. Pagkatapos na magamit mo alinman sa mga pasilidad na ito, nararapat na isipin ang susunod na gagamit saiyo.


Ang maayos at tamang paggamit mo nito ay makatutulong rin upang tumagal ito at nang sa gayon ay magamit pa ng mga mag-aaral sa mga susunod na taong panuruan. Upang mapanatiling malinis ang mga pasilidad ng paaralan, nararapat na isabuhay ang CLAYGO o *Clean as You Go*. Hinihimok nito ang bawat isa na buhusan o tanggalin ang sariling kalat o basura bago umalis sa isang lugar na pinagpanatilihan. Bukod rito, nararapat ding sundin ang mga babala na nakapaskil sa bawat pasilidad. Halimbawa nito ay ang babalang, "*Itapon ang basura sa basurahan*". Kailangang sundin ang babalang ito sa pamamagitan ng pagtatapon ng basura sa basurahan, hindi sa kung saan-saan. Maraming mag-aaral ang itinatapon lang ang kanilang basura kung saan-saan. Ang basura ay isa sa mga nagiging dahilan ng pagkaluma at pagkasira ng mga pasilidad.

Ang itsura o larawan ng pasilidad pagkatapos na ginamit mo, ay repleksiyon ng iyong pagkatao. Pagkatapos ng paggamit mo, ang mahalagang tanong sa iyong sarili ay, *naglinis ba ako?*

## *Pagyamanin*

**Gawain 1**

Idugtong ang lobo sa kamay ng bata kung ito ay nagpapakita ng paggamit ng pasilidad nang may pag-iingat para sa kapakanan ng kapuwa. Ibatay ang iyong pagpapasya sa mga paliwanag sa ibaba. Kulayan ang mga lobong hawak ng bata gamit ang iyong paboritong kulay. Iguhit at kulayan ito sa iyong kuwaderno o sa sagutang papel.







ANG AKING MGA LOBONG ECO-FRIENDLY

A. Pagtatapon ng papel sa lababo.
B. Pagtatapon ng *candy wrapper* sa sisidlang bulsa ng bag.
C. Pagbabalik ng hiniram na aklat sa pinagkunang estante.
D. Pagsasauli ng mga aklat na hiniram sa *counter* ng sild-aklatan sa takdang araw.
E. Pag-aayos ng mga kagamitan gaya ng *measuring cup* at *graduated cylinder* sa tamang lalagyan sa laboratoryo.


**Gawain 2- Picture Analysis.**


1. Suriin ang mga larawan sa ibaba. Alin sa mga sumusunod ang iyong palaging ginagawa? Kulayan ito.










2. Suriin ang mga larawan sa itaas, ano ang kahalagahan ng mga gawaing ipinakikita nito? Bilugan ang titik ng tamang sagot.

   A. Maraming bibisita sa paaralan.
   B. Naiiwasan ang awayan sa loob ng paaralan.
   C. Nadaragdagan ang mga mag-aaral na nais pumasok dito.
   D. Napapanatili nito ang kaayusan ng mga pasilidad ng paaralan.


## *Isaisip*


Punan at dugtungan ang mga patlang upang mabuo ang iyong mahalagang natutunan at gampanin sa pangangalaga sa mga kagamitan at pasilidad ng iyong paaralan na tanda ng paggalang ng kapuwa.

| |
|---|
| Ang mahalagang nalaman ko sa aralin sa wastong paggamit ng pasilidad ng paaralan ay________________________________________ |
| ____________________________________________________________ |
| nangangahulugan ito na dapat ko pang ________________________ |
| ____________________________________________________________ |
| Ito rin ay katumbas ng aking paggalang sa aking kapuwa mag - aaral sapagkat ____________________________________ |
| ____________________________________________________________. |
| Nangangako ako na simula ngayon ay aking ____________________ |
| ____________________________________________________________ |
| ____________________________________________________________. |


## *Isagawa*

Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba at sa katapat nito, isulat ang tamang paggamit ng mga pasilidad para sa patataguyod ng sariling kapakanan at ng iyong kapuwa. Gawin ito sa iyong kuwaderno.


| **Pasilidad** | **Paraan ng Aking Paggamit** |
|---|---|
|  | 1. ______________________________ <br> ______________________________ |




2. ______________________________
______________________________




3. ______________________________
______________________________



4. ______________________________
______________________________




5 ______________________________
______________________________

**Sagutin:**

1. Bakit mahalagang maipakita mo ang tamang paggamit ng mga pasilidad na ito?
______________________________________________

2. Bakit kailangang isaalang-alang ang kapakanan ng iyong kapuwa kapag gumagamit ka ng mga pasilidad na ito?
______________________________________________

## *Tayahin*


Lagyan ng **tsek (√)** ang patlang kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at **ekis (X)** kung di-wasto. Gawin ito sa iyong kuwaderno.


_____1. Itapon na lamang ang papel sa palikuran.
_____2. Sa paggamit ng mga pasilidad, kailangang isaalang-alang rin ang kapakanan ng kapuwa.
_____3. Nararapat lang na iwanan ang mga balat ng pinagkainan sa hapag ng kantina.
_____4. Kailangang tumulong ang mga mag-aaral sa paglinis ng may pag-iingat sa laboratoryo pagkatapos itong gamitin.
_____5. Sa paggamit ng mga pasilidad ng paaralan, hindi kailangang isisagawa ang CLAYGO o *clean as you go* dahil may tagapaglinis naman na nakaantabay.


II. Isulat ang titik ng tamang sagot sa bawat tagpo o sitwasyon.

____6. Alin sa mga sumusunod na larawan ang nagpapakita ng wastong paggamit ng pasilidad ng paaralan?

**A**.


**C**.


**B.**


**D.**


_____7. Paano ka makatutulong sa pagpapanatiling malinis ng inyong silid-aralan?

A. Panoorin na lamang ang mga kapangkat na maglinis.
B. Itatapon ang gamit na papel sa tamang lalagyang sisidlan
C. Magsasakit-sakitan upang makaligtas sa paglilinis.
D. Tatalilis tuwing ang aking kinabibilangang pangkat ang naaatasang maglinis.

_____8. Ano ang iyong gagawin kung ang palikuran ay madumi sa oras na ito ay iyong gagamitin?

A. Hayaang na lamang.
B. Dagdagan pa ang kalat.
C. Sabihin na lamang kay titser.
D. Maglinis nang kusa matapos gamitin

_____9. Bawal magdala ng pagkain sa silid-aklatan. Nakita mong mong patuloy na kumakain ang iyong kaibigan sa kabila ng paalala. Ano ang dapat mong gawin?

A. Gayahin na lamang.
B. Sigawan at pagsabihan
C. Isumbong sa *librarian* na nakatalaga
D. Paalalahanan sa mapitagang paraan

_____10. Bagong pinta ang mga bangko sa palaruan. Ano ang iyong dapat gawin?

A. Huwag uupuan.
B. Tapakan upang magmarka ang paa.
C. Punasan nang maayos ng basahan.
D. Yayain ang mga kalaro nadoon maupo.

Ano kaya ang gustong ipaabot saiyo ng mga sitwasyong ito?

## *Karagdaang Gawain*

A. **Tseklis sa Pagsusuring Pansarili**. Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang kolum na kumakatawan ng iyong sagot. Maging matapat sa pagsagot sa bawat bilang. Sipiin at sagutan sa iyong kuwaderno.

| Mga Gawain | Palagi | Minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Maingat kong ginagamit ang palikuran ng aming silid-aralan. | | | |
| 2. Pumipila ako nang maayos sa tuwing bibili ako sa kantina. | | | |
| 3. Itinatapon ko sa tamang lalagyan ang mga basura ng aking pinagkainan kapag ako ay nasa palaruan. | | | |
| 4. Tinitiyak kong malinis ang *gymnasium/covered court* matapos ko itong gamitin sa pagpapraktis at paglalaro. | | | |
| 5. Maingat kong binubuklat ang mga pahina ng aklat sa silid-aklatan. | | | |
| 6. Iniiwasan ko ang pagsulat sa mga pader ng palikuran. | | | |
| 7. Sinusunod ko ang mga alituntunin ng silid-aklatan para sa tamang paraan ng paggamit nito. | | | |
| 8. Binabalutan ko ang mga batayang aklat na ipinahiram sa akin para sa buong panuruang taon. | | | |
| 9.Isinasalansan ko sa tamang lalagyan ang mga aklat. | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 10.Sinusunod ko ang mga alituntunin nang maayos at maingat na paglalaro sa palaruan. | | | |

C. Bilangin ang dami ng mga gawain na may sagot na palagi, minsan, at hindi ginagawa. Isulat ang sagot mo sa talahanayan na nasa ibaba.

| SAGOT | Bilang |
|---|---|
| Palagi | |
| Minsan | |
| Hindi Ginagawa | |

1. Alin ang marami mong kasagutan? Lagyan ng tsek.
   Palagi ☐ Minsan ☐ Hindi Ginagawa ☐

2. Kung karamihan ng iyong kasagutan ay hindi ginagawa, ano ang dapat mong gawin sa susunod? Isulat ang titik ng iyong wastong sagot.
   A. Hahayaan ko lang dahil wala naman itong problema.
   B. Ipagpapatuloy ko ang mga gawaing dati ko nang ginagawa.
   C. Sasabihan ko ang mga kaibigan ko na ayahin ang mga ginagawa ko.
   D. Gagamitin ko ang mga pasilidad ng paaralan nang may pagsasaalang-alang sa kapakanan ng aking kapuwa

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

| A | B |
|---|---|
| 1. √ | 6. B |
| 2. X | 7. B |
| 3. √ | 8. A |
| 4. √ | 9. B |
| 5. √ | 10. D |

**Balikan**

A. Taimtim na nakikinig kapag may nagsasalita't nagpapaliwanag.

B. Malakas pa ring pinatututugtog ang *videoke/karaoke* kahit oras na ng pamamahinga.

C. Tumigil sa paglalaro nang makitang nakatulog na ang kapatid sa sala.

D. Patuloy na kinukulit ang kapatid na maysakit.

E. Padabog at pabalang na sinara ang pinto ng silid-tulugan ng nanay

***Tuklasin***

Magkakaroon ng iba-ibang kasagutan ang mga mag-aaral.

***Suriin***

I. a. Magkakaroon ng iba-ibang kasagutan ang mga mag-aaral.
b.1 Magkakaroon ng iba-ibang kasagutan ang mga mag-aaral.
2. D

***Payamanin***

**Gawain 1**

B, C, D, E

**Gawain 2**

1. Magkakaroon ng iba-ibang sagot batay sa kanilang karanasan.
2. D

***Isaisip***

Magkakaroon ng iba-ibang sagot ang mga mag-aaral.

**_Karagdagang Gawain_**

a. Magkakaroon ng iba-ibang kasagutan ang mga mag-aaral.

b.1. Magkakaroon ng iba-ibang kasagutan ang mga mag-aaral.

2. D

**_Tayahin_**

| | |
|---|---|
| 1. X | 6. D |
| 2. √ | 7. B |
| 3. X | 8. D |
| 4. √ | 9. D |
| 5. X | 10. A |

**_Isagawa_**

Mga Posibleng Sagot:

1. *Buhusan ang *toilet bowl* o inidoro pagkatapos gamitin.
   * Tumulong sa paglilinis ng palikuran.
   * Huwag itatapon ang tissue o papel sa *toilet bowl*.
2. * Tumulong magwalis.
   * Magbunot ng sahig.
   * Ayusin ang mga upuan.
   * Tumulong maglinis.
   * Pulutin ang mga nagkalat na basura.
   * Itapon ang mga basura sa tamang basurahan.
3. * Ibalik ang mga aklat sa istanteng pinagkunan.
   * Maingat na binubuklat ang mga pahina ng aklat.
   * Tumulong sa paglilinis ng silid-aklatan.
   * Itapon ang basura sa tamang basurahan.
   * Huwag kumain sa silid-aklatan.
4. * Tumulong sa paglilinis.
   * Pulutin ang mga duming nagkalat.
   * Itapon ang basura sa tamang basurahan.
5. * Linisin ang mesang pinagkainan.
   * Pulutin ang mga basura at itapon sa basurahan.

* Tumulong sa paglilinis

Sagutin: Magkakaroon ng iba-ibang sagot ang mga bata dito

## *Sanggunian*

Panay News, Editorial Cartoon of the Day, May 25, 2019, https://www.google.com/search?q=editorial+cartoon+about+brigada+eskwela&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=2ahUKEwiT_Nz6wqzmAhXLc94KHbDPBRkQ_AUoAXoECAsQAw&biw=1366&bih=657#imgrc=tmM1HfLKu0vL_M:

Edukasyon sa Pagpapakato 4, Kagamitan ng Mag-aaral, Unang Edisyon 2015, ph. 154-155

Edukasyon sa Pagpapakatao 4, Kagamitan ng Mag-aaral, Unang Edisyon 2015, ph 147-149

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph